

Makabagong weather device, itinayo sa Vis-Min

Ni Arjay Escondo
S&T Media Service, STII

Matagumpay na naitayo ng DOST ang automated weather stations o AWS sa apat na barangay sa Bacolod at Iloilo at sa dalawang pang barangay sa Jolo, Sulu kamaikailan.

Ayon kay City Councillor Mona Dia Jardin, nakatanggap ang Barangay Felisa ng Bacolod City ng automated weather station (AWS), samantalang ang mga Barangay Tangub, Estefania at Alangilan ay nabigyan ng rain gauge.

Sa kabilang banda, itinayo naman ang AWS sa Agro-Meteorological Garden ng Department of Agriculture - Regional Office Field Unit VI ng Jaro, Iloilo.

Malaki ang ginagampanang papel ng AWS sa pagiwas sa mga sakuna sa bansa, lalong lalo na sa panahon ng kalamidad, gaya ng bagyo at mga pagbaha, ayon kay Science Secretary Mario G. Montejo. makakatulong itong makapagligtas ng buhay at mga ariarian, dagdag pa niya.

sundan sa pahina 2

Nilalaman

P-Noy pinuri ang DOST para sa opensiba nito laban sa dengue

p. 2

Halamang ligaw sa Negros, isang kumikitang kabuhayan

p. 3

DOST sinimulan ang mga programang pangnutrisyon

p. 4

DOST, DOH nilagdaan mga pangunahing solusyon sa mga isyung pangkalusugan

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, STII



Nilagdaan nina Department of Science and Technology (DOST) Secretary Mario Montejo (kaliwa, nakaupo) at Department of Health (DOH) Secretary Enrique Ona ang DOST-DOH Memorandum of Agreement noong Abril 14, 2011 sa Anabel's Restaurant, Lungsod ng Quezon. Kasama sa larawan ay sina (mula kaliwa, nakatayo) DOST-Philippine Council for Health Research and Development Executive Director Jaime Montoya, DOST-Industrial Technology Research and Development Director Nuna Almanzor, University of the Philippines Manila Professor Lilian de Las Llagas, at DOH Director Eduardo Janairo. (Kuha ni Gerry Palad, S&T Media Service, STII)

Pormal na nilagdaan ng mga pinuno ng Department of Science and Technology at Department of Health ang kasunduan para sa magkatuwang na pagbuo ng solusyon sa mga pangunahing suliraning pangkalusugan sa bansa.

Una rito ay ang partnership ng dalawang ahensiya sa malawakang pamamahagi ng Mosquito Ovicidal/Larvicidal Trap system upang sugpuin ang dengue sa bansa.

Maliban sa 200,000 OL Trap kits na ipinamahagi noong Pebrero, and DOST sa pamamagitan ng Industrial technology Development Institute ay may karagdagang 500,000 kits para sa mga 125,000 na kabahayan.

Ayon kay DOST Secretary Mario G.

Montejo, "ito ay patunay na ang pamahalaan ay seryoso sa kampanya nito na pababain ang bilang ng dengue cases sa bansa."

Ang mga karagdagang OL Trap kit ay nakatakdang ipamahagi sa buwan ng Hulyo hanggang Disyembre. Ang bawat isang kabahayan na tinukoy ng DOH ay makatatanggap ng apat na kit at anim na buwang libreng supply ng organikong pellet.

sundan sa pahina 2



Ang mga eksperto habang itinatayo ang AWS sa Jolo, Sulu. (Larawan mula sa ASTI)

Ang AWS ay stand-alone device na nagtatala ng mga weather-related factor at may kakayahang makapagpadala ng mga real-time data mula sa mga istasyon.

Ayon kay DOST-6 Regional Director Rowen Gelonga, magtatayo pa ng karagdagang pasilidad gaya nito sa Aklan, Capiz at Negros Occidental. “Maglalagay din ng mga water level station dito upang makapagtala ng mga real-time na impormasyon sa mga bantang pagbaha sa lugar”, dagdag pa niya.

Samantala, nakapagtayo na rin ng mga automatic rain gauge sa Walled City Municipal Hall at water level monitoring station sa San Raymundo port ng Jolo, Sulu.

Ipinaliwanag ni ASTI Science Research Specialist II Neil Xavier Elpa na ang pagtatalaga ng mga modernong kagamitan gaya ng AWS ay makakatulong sa pagpapaganda ng mga serbisyo gaya ng weather forecasting sa pamamagitan ng real-time monitoring sa pagbabago-bagong kalagayan ng panahon.

Ang mga modernong weather tracking device na ito ay resulta ng proyektong “Hybrid Weather Monitoring System and Production of Weather and Rain Automated Stations” na pinamamahalaan ng DOST-Advanced Science and Technology Institute (ASTI) at ng DOST-Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA).

Impormasyon mula kay Katherine R. Babaran, S&T Media Service, ASTI

DOST, DOH...

Mula sa pahina 1

“Dahil sa karagdagang OL Trap kit, atin nang matutugunan ang mga pangangailangan sa mga lugar na mataas ang insidente ng dengue, at mas mapag-aralan ang mga ito,” dagdag ni Montejo.

Bukod pa rito, ang DOST at DOH ay magtutulungan upang mapaganda ang serbisyong health care sa bansa lalo na sa mga liblib na lugar sa pamamagitan ng National Telehealth Service Program (NTSP).

Layunin nito na iugnay ang mga duktor sa mga baryo sa espesyalista sa pamamagitan ng information and communication technology gaya ng cellphone upang magawa ang pagsusuri ng mga eksperto base sa mga impormasyong ipadadala ng duktor na tumitingin sa pasyente.

Nakatakdang ipatupad ang programang telehealth upang matugunan at matulungan ang mga health worker at mga duktor sa kanayunan upang makapagbigay ng mahusay na serbisyong medikal lalo na sa fourth hanggang sixth class na munisipalidad.

“Kung ang bawat ahensiya ng pamahalaan ay magtutulong-tulong lamang, maaari tayo makahanap ng mga kasagutan sa mga naglalakihang suliranin ng bansa,” pahayag ni Montejo. “Sa pinagsama-samang kakayanan, ating napagaganda ang pagbibigay serbisyo natin sa kapwa.”

P-Noy pinuri ang DOST para sa opensiba nito laban sa dengue

Ni Joy M. Lazcano

S&T Media Service, STII



Si P-Noy habang nagtatalumpati sa harap ng mga nagsipagtapos na Ateneo de Manila grade school. (Larawan mula sa www.adlsu.com)

Isang magandang ehemplo si Department of Science and Technology Secretary Mario G. Montejo na dapat gayahin, yan ang ipinarating ni Pangulong Benigno ‘Noy’ Aquino sa kanyang talumpati sa harap ng mga nagsipagtapos sa elementarya ng Ateneo de Manila.

“Hindi po natakot mangarap,” sambit ni Pangulong Aquino para kay Sec. Montejo. “Ang pangarap niya, tuluyang mawala ang dengue sa Pilipinas.”

“Kabi-kabila ang nagsasabing hindi maaalis ang dengue, imposibleng magawa iyan. Masyadong mahal, wala tayong pondo,” pagpapatuloy ni P-Noy.

Noong nakaraang Pebrero, magkatuwang na inilunsad ng DOST at Department of Health ang Mosquito Ovicidal/Larvicidal Trap system (OL Trap)—isang simpleng pamamaraan ng pang-akit at paghuli ng mga lamok na Aedes Aegypti upang puksain ang mga itlog at kiti-kiti.

Ang isang OL Trap kit ay naglalaman ng isang plastic tumbler, piraso ng lawanit, at mga organikong pellet na tinutunaw sa 250 ml ng tubig. Ang basing lawanit ang

magsisilbing pang-akit sa mga lamok upang ito ay mangitlog sa magaspang na parte nito at puksain sa kahuli-hulihan.

Namahagi ang DOST sa pamamagitan ng mga regional office nito ng mayroong 200,000 OL Trap kit sa buong bansa. Ang bawat kabahayan ay nakatanggap ng apat na kumpletong kit at libreng anim na buwang supply ng mga organikong pellet.

Positibo ang mga resulta ng mga field testing sa dalawang komunidad na apektado ng dengue sa National Capital Region.

Pinaniniwalaan ng mga eksperto na malaki ang potensyal ng nasabing teknolohiya upang masugpo ang suliranin sa dengue dahil na rin sa ito ay abot-kaya ang halaga at organiko.

Dagdag pa ni P-Noy, “Barya, integridad, at pangarap lang po ang puhunan ng aparatong ito. At kahit hindi natin mapuksa nang buo ang dengue, wala akong duda na pagbaba ko ng puwesto, kakaunti ang magdurusa dahil ito. At dahil ito sa isang pangarap ni Secretary Mario Montejo.”

Halaman ligaw sa Negros, isang kumikitang kabuhayan

Ni Joy Camille Baldo
S&T Media Service, PTRI

Isang ligaw na halaman na dati'y pakain sa mga hayop ang ngayo'y pinagkakakitaan ng mga mamamayan ng Brgy. Illijan, Bago City, Negros Occidental.

Ang halaman *tagum* (*Indigofera tinctora*) na nabubuhay sa mga tuyo, at mabababang lugar gaya ng Brgy. Illijan ay napag-alaman ng mga eksperto sa pagtitina mula Philippine Textile Research Institute ng Department of Science and Technology (DOST-PTRI) na mataas ang halagang komersyal bilang natural dye.

Napag-alaman din na maliban sa tagum, ay marami pang ibang halaman at mga puno ang maaaring gamitin bilang pangkulay.

Ito ay magandang balita para sa mga taga Brgy. Illijan sapagkat ito ay nangangahulugang dagdag kita para sa kanila.

"Mayaman ang bansa sa mga likas na yaman na maaring gamitin upang makagawa ng mga magagandang produkto, gaya ng natural dye," wika ni DOST Secretary Mario Montejo. "Malaki ang pangangailangan sa mga natural na produkto."

Ang mga dahon ng tagum ay ibinababad upang makuha ang mala-asul na kulay nito. Ito ay hinahaluhan ng lihiya bago ito patuyuin at gawing pulbo para sa iba't ibang timpla ng asul at lila.

Sa pamamagitan ng mga pagsasanay na ibinahagi ng DOST-PTRI sa mga taga-Illijan, sila ay natuto ng iba't ibang paraan sa pagkukulay gamit ang halaman tagum na nagbigay-daan upang kumita.

Dahil ang halaman tagum ay madaling itanim at hindi nangangailangan ng mabusising pangangalaga, ang mga magsasaka ay maaari pa ring magtanim ng iba pa. Higit pa rito, pagkaka-isa naman ng mga mamamayan ng Illijan ang isa pang magandang dulot ng teknolohiya.

Ang DOST-PTRI ay ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na nagsasaliksik para sa natural dye at natural fiber. Bahagi nito ang pagsasaln ng teknolohiya sa mga interesadong sektor.

"Sa pamamagitan ng mga teknolohiyang gaya ng sa natural dye, nakikita ng DOST kung paano natin nai-aangat ang kalidad ng pamumuhay ng bawat Pilipino," wika ni Sec. Montejo.



Aristotle P. Carandang
Editor-In-Chief

Joy M. Lazcano
Layout/Graphics

Mario B. Buarao
Design

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag-email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148.

www.stii.dost.gov.ph

Nakagagawa ng iba't ibang timpla ng bughaw mula sa katas ng dahong *tagum* (*unang larawan*). Habang ibinahagi naman ng mga eksperto ng DOST-PTRI ang tamang pagproseso ng natural dye sa mga taga Brgy. Illijan. (*Larawan mula sa DOST-PTRI*)

DOST sinimulan ang mga programang pangnutrisyon

Ni Maria Judith L. Sablan
S&T Media Service, STII

Sinimulan ng Department of Science and Technology noong ika-7 ng Abril ang pagsasagawa ng aktwal na pagsusuri ng mga programang pangnutrisyon sa bayan ng Tibiao at Barbaza sa lalawigan ng Antique. Ito ay sa pagnanais na maibsan ang malnutrisyon ng mga batang may edad 0 hanggang 24 buwan sa nasabing lalawigan. Ang bayan ng Tibiao at Barbaza ang nanguna at pumangatlo sa huling ulat ng Food and Nutrition Research Institute batay sa survey na isinagawa ukol sa pangangibabaw ng malnutrisyon sa nasabing grupo ng mga bata sa buong Pilipinas.

“Ang malnutrisyon ay nagdudulot ng mababang produksyon na siya ring dahilan ng mabagal na pag-unlad ng ekonomiya, kung kaya’t patuloy din ang problema sa kahirapan ng bansa,” ayon kay DOST Secretary Mario G. Montejo.

“Ang DOST ay lumikha ng mga programang pang-nutrisyon na binubuo ng iba’t ibang interbensyon upang mailigtas ang mga batang Pilipino sa malnutrisyon,” dagdag pa ni Montejo.

Upang matugunan ang malnutrisyon sa mga batang nasa edad 0 hanggang 24 buwan, ang proyekto ay binubuo ng tatlong bahagi: ang edukasyong pangnutrisyon, paghahanda ng complementary foods, at pagpapakain o feeding. Ang mga ito ay bahagi ng “Sulong Pinoy” na isang mas malaking programa na naglalayon na matugunan ang problema sa malnutrisyon sa pamamagitan ng interbensyon ng agham

Ang rice-mongo instant blend ay isang uri ng ready-to-eat na may sangkap na 96 kilocalorie at 3-gramo na protina. Samantala, ang rice-mongo-sesame blend naman ay madali at mabilis lutuin at naglalaman ng 89 kilocalories at 3-gramo na protina.

Ang rice-mongo curls ay sikat sa mga bata at ito ay may 94 kilocalories at 2.4 gramo ng protina. Maaari itong haluan ng cheese o kaya ay tsokolate bilang flavoring para mas lalong sumarap ang lasa.

Magkakaroon naman ng 120 na araw para sa pagpapakain o feeding na bahagi ng programa para sa mga batang may mababang timbang sa komunidad.

Ayon sa talaan ng World Health Organization (WHO), ang Pilipinas ay patuloy na nakikipaglaban sa problema sa malnutrisyon kung saan walang nakitang mahalagang pag-unlad sa mga nakaraang taon. Noong 1990, 34.5 porsiyento ng mga bata sa bansa na may edad 0- hanggang 5-taon ay kabilang sa mga malnourished. Ito ay bahagyang bumaba sa 30.6 porsiyento noong 2000, at lalo pang bumaba sa 26.2 porsiyento noong 2008.

Subalit, ito ay malayo pa rin sa ninanais na maabot na 17.2 porsiyento sa taon 2015 batay sa Millennium Development Goal. Upang makamit ito, kinakailangang bumaba pa ng 1.29 porsiyento bawat taon ang bilang ng mga batang may mababang timbang.

Sa lalawigan ng Antique, 41.1 porsiyento ng mga batang may edad 0- hanggang 5-taon gulang ay may mababang timbang o underweight. Natuklasan na 39.4 porsiyento ay underheight o may mababang taas, at 14.3 porsiyento naman ay nabibilang sa tinatawag na “thin” o payat batay sa kanilang timbang o weight-for-height scale. Mataas pa rin ang bilang na ito batay sa ulat ng FNRI. Ang ulat ay ayon sa survey na isinagawa ng FNRI sa buong Pilipinas noong 2008.

Ayon kay FNRI Director Mario Capanzana, “ang mga programa ng DOST-FNRI sa pagpapaunlad ng nutrisyon sa bansa ay para sa mga batang may edad 0- hanggang 24-buwan sapagkat sa ganitong yugto, ang mga bata ay sumasailalim sa mabilis na paglaki at pag-unlad kung saan sila ay nabibilang sa vulnerable na grupo kung saan sila ay madaling kapitan ng impeksiyon na maaaring ring maging sanhi ng malnutrisyon.” “Ito rin ang yugto kung saan ang mga bata ay maaaring magkakaroon ng mga depekto sa kanilang pisikal o mental na kaanyuhan na maaaring hindi na malutas kung walang tamang interbensyon na gagawin”, dagdag pa ni Dr. Capanzana.

“Sa ganitong yugto makakakuha ng pinakamaraming benepisyo ang isang bata sa pamamagitan ng interbensiyon laban sa malnutrisyon gaya ng FNRI complementary food,” ayon pa sa kanya.

Dagdag pa ni Dr. Capanzana, “ang pagbibigay at pagtuturo ng tamang impormasyon sa mga nanay at tagapag-alaga ng mga sanggol at bata ay malaki ang maitutulong upang mabigyan ang mga bata ng tamang nutrisyon na kailangan nila.”

Ang proyektong ito ng DOST-FNRI ay nakatakda ring isagawa sa iba pang mga lalawigan sa bansa na may mataas na kaso ng malnutrisyon. Kabilang dito ang Occidental Mindoro (Mayo 5-6), Leyte (May 23-24), at Iloilo (June 16-17). Katulad ng sa lalawigan ng Antique, ang FNRI ay magsasagawa rin ng edukasyon pangnutrisyon, feeding, at pagmomonitor sa mga nasabing probinsiya.



Pinangunahan ni Paluan Mayor Abelardo Pangilinan ang pagpapakain ng FNRI complementary food sa isa sa mga batang benepisaryo ng proyektong DOST PINOY. (Kuha ni Framelia V. Anonas, S&T Media Service, STII)

at teknolohiya.

Ang edukasyong pangnutrisyon ay nararapat para sa mga nanay o tagapag-alaga ng mga batang nasa edad 6-buwan hanggang 2-taon gulang na may mas mababang timbang kaysa sa timbang na angkop sa kanilang edad. Tuturuan ng mga eksperto ang kahalagahan ng tamang nutrisyon; pagpapasupo sa bata; kaligtasan ng pagkain o food safety; paghahanda at pagpapalano ng pagkain; at pagtatanim ng mga gulay sa kani-kanilang bakuran.

Ang paghahanda ng iba’t ibang uri ng complementary food ay ang pangalawang bahagi ng proyekto. Kabilang sa iba’t ibang complementary food na ginawa ng FNRI ay ang rice-mongo instant blend at rice-mongo-sesame blend para sa mga bata nasa 6- hanggang 11- buwan gulang, at ang rice-mongo curls para sa mga batang 1-taon gulang.

Ang produkto ay makukuha sa mga paketeng naglalaman ng 20-gramo bawat isa.